# 5 mga Kaalaman tungkol sa Pagboto para sa may Kriminal na Kasaysayan

**Kaalaman 1**

**Maliban na lang kung nagsisilbi kayo ng termino ng pagkakabilanggo dahil sa felony, hindi maaapektuhan ng inyong kriminal na kasaysayan ang inyong karapatang bumoto.**

**Maaari kayong magparehistro para bumoto kung kayo ay:**

1) Residente ng California at mamamayan ng U.S.
2) Hindi bababa sa edad 18 taong gulang sa o bago ang Araw ng Eleksyon
3) Hindi kasalukuyang nahatulan ng korte na walang sapat na kakayahan ang pag-iisip para bumoto, at
4) Hindi kasalukuyang nagsisilbi ng termino ng pagkakabilanggo sa pang-estado o pampederal na bilangguan para sa hatol na felony.

**Kung natutugunan ninyo ang apat na mga itinatakdang ito, maaari kayong magparehistro at bumoto *kahit na kayo ay*:**

- ✓ naghihintay ng paglilitis, nasa ilalim ng parole, o ng probasyon
- ✓ nasa kulungan at nagsisilbi ng sentensiya para sa misdemeanor
- ✓ nasa kulungan bilang kondisyon ng probasyon
- ✓ nagsisilbi ng sentensiyang pagkakakulong dahil sa felony
- ✓ nasa ilalim ng sapilitang pangangasiwa ng komunidad
- ✓ nasa ilalim ng pangangasiwa ng komunidad pagkatapos ng paglaya
- ✓ nasa ilalim ng paglayang nasa pederal na pangangasiwa
- ✓ nasa ilalim ng juvenile wardship adjudication

I-check ang inyong elihibilidad bilang botante sa ***sfelections.org/tools/criminalhistory*** o makipag-ugnay sa amin sa (415) 554-4310.

**Kaalaman 2**

**Maaari kayong magparehistro para bumoto sa *registertovote.ca.gov* o gamit ang papel na form para sa pagpaparehistro.**

Mayroong mga form para sa pagpaparehistro sa mga pampublikong aklatan at sa maraming mga tanggapan ng gobyerno. Maaari rin kayong makipag-ugnay sa amin para humingi ng form para sa pagpaparehistro sa pamamagitan ng koreo.

Maaari kayong magparehistro at bumoto sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa kahit saang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.

## Kaalaman 3 — Maaari pa rin kayong magparehistro at bumoto kung kayo ay walang tahanan.

Maaari kayong magbigay ng lokasyon gaya ng interseksyon ng mga kalsada, isang parke, o isang kanlungan bilang inyong address ng tirahan sa form para sa pagpaparehistro. Maaari rin kayong magbigay ng anumang address pang-koreo para makatanggap ng mga materyales sa eleksyon.

- ✓ Kapag nagbigay kayo ng address pang-koreo, ipadadala namin ang inyong pamplet para sa botante at balota sa address na iyon, tinatayang isang buwan bago ang bawat eleksyon.
- ✓ Maaari rin kayong makakuha ng balota nang personal sa isang lugar ng botohan o sa ***sfelections.org/access***.


## Kaalaman 4 — Kung hindi kayo makapupunta nang personal o makaboboto sa pamamagitan ng koreo, maaari ninyong ipahatid at ipakuha ang inyong balota.

Maaari ninyong pahintulutan ang iba na kumuha ng inyong balota mula sa Sentro ng Botohan sa City Hall. Maaari rin ninyong pahintulutan ang iba na magbalik ng inyong minarkahang balota para sa inyo. Sa panahon ng emerehensiya, maaari ring ihatid at kunin ng aming mga kawani ang inyong balota.

## Kaalaman 5 — Kung kayo ay kasalukuyang nagsisilbi ng termino ng pagkakabilanggo dahil sa felony, Maaari kayong magparehistro para bumoto paglaya ninyo.

Agarang bumabalik ang inyong karapatang bumoto pagkatapos ninyong makumpleto ang inyong termino ng pagkakabilanggo.

Magkaroon ng karanasan sa trabaho at kumita nang hanggang $295 habang nagsisilbi bilang manggagawa sa botohan sa Araw ng Eleksyon. Pumunta sa ***sfelections.org/pollworker*** o makipag-ugnay sa amin para alamin ang higit pa.




**Kung kayo, o may kakilala kayong nakatira sa San Francisco, na may kriminal na kasaysayan, at gustong bumoto, makatutulong kami! Tumawag sa amin sa (415) 554-4310.**